REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 47

KAPASIYAHAN NA NAGTATADHANA NA ANG LAHAT NG MAY PUWESTO O TINDAHAN SA NEW MUNTINLUPA PUBLIC MARKET AY KINAKAILANGAN MAGPATALA AT MAGBAYAD SA INGAT-YAMAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA, METRO MANILA NG KAUKULANG UPA ALINSUNOD SA KAPASIYAHAN BILANG 45 NA IPINAHAHAYAG ANG PAGPAPAWALANG BISA SA KONTRATA AT IBA PANG MGA HAKBANG NA NAKASAAD DOON; AT INAATASAN ANG PAGDIDIKIT/PAGPAPAHAYAG NG KAPASIYAHAN SA BAWAT PUWESTO O TINDAHAN AT SA IBA PANG LUGAR NA LANTAD O HAYAG SA LOOB NG NASASAKUPAN NG PALENGKE.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa, ang bagong namamahala at nangangasiwa ng Bagong Pamilihang Bayan;

SAPAGKAT, upang malaman ang tumpak na bilang ng puwesto ng nasabing Pamilihang Bayan ay kinakailangan na ang mga may puwesto o may-ari ng tindahan ay magpatala sa Ingat-yaman ng Pamahalaang Bayan;

SAPAGKAT, ang hindi pagsunod ng sinumang nagmamay-ari na magpatala at magbayad ng upa sa Ingat-yaman ng Pamahalaang Bayan sa loob ng dalawang (2) araw simula ng pamamahala at pangangasiwa ng Pamahalaang Bayan ay nangangahulugan ng pag-aalis ng kanilang mga pangalan at karapatan sa bagong talaan ng mga nakatalang may-ari ng puwesto o tindahan.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay inaatasan ang lahat ng matuwid na nagmamay-ari ng puwesto o tindahan na magpatala at magbayad ng upa sa Ingat-yaman ng Bayan ng Muntinlupa.

PINAGPASIYAHAN PANG MULI na inaatasan ang paglalagay/pagdidikit ng kopya ng Kapasiyahan sa lahat ng puwesto/tindahan at sa lahat ng lugar na hayag o lantad sa nasasakupan ng palengke; ang pagtatanggal ng kopya ng kapasiyahan na nakadikit sa lahat ng puwesto/tindahan at sa lahat ng mga lugar na hayag o lantad sa nasasakupan ng palengke ay mahigpit na pinagbabawal.

KUNG may bahagi sa Kapasiyahan na masasaad na labag sa batas, ang bahaging ito lamang ang ipawawalang bisa at ang matitira ay ipaiiral at ipatutupad.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pangdalawampu't apat (24th) na pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-1 ng Agosto 1988.

PINATUTUNAYANG TUTOO :

Atty. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



Kapasiyahan bilang 47

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

MGA SUMANG-AYON:

Atty. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.
Pangulong Opisyal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

PINAGTIBAY :Agosto 1, 1986

RRC:vts